# ANG BUGTONG NG MANOK AT AGILA

Kinatay niya ang hayop na parang manok. Tinanggalan na muna niya ng masinsing mga balahibo sa ugat ng bungo. Saka ginilitan ng kanyang dalang sundang na gamit niyang panghawan ng kaluntian ng kagubatan upang magpaagos naman ngayon ng kapulahan. Binitay niyang patiwarik ang hayop hanggang maubusan ng dugo. Bawat patak niyang sinahod sa maliit na palangganang nilagyan ng ilang butil ng bigas nang huwag agad mamuo ang dugo. Isinugba sa apoy lalo na ang bandang pakpak na makunat tanggalan ng balahibo. Hindi raw ba niya alam na may pangalan ang agilang binaril niya. May pangalan ang hayop na pinatay niya.

Banaag. Galing ang pangalan sa pamilya ng mga Imperial na may-ari ng tanging gasolinahan sa bayan. Kung bayan mang matatawag ang aspaltadong kalsada sa paanan ng bundok na nag-uugnay sa mga bahay at negosyong binababaan ng mga baryong kinukupkop ng kagubatan. Ipinahihiwatig daw ng pangalan ang pamamanaag ng bagong pakikitungo ng tao sa kalikasan. Sumisikat na ang panahong hindi na naaabuso ang kalikasan. Niyayakap na ng tao ang tungkulin nito bilang tagapangalaga ng mga hayop at halaman, ayon sa itinakda ng Bibliyang nababasa ng mga drayber sa mga polyetong ibinibigay sa kanila tuwing magpapagasolina.

Si Banaag ang ikatlong agilang pinakawalan sa kagubatan pagkatapos alagaan at palakihin nang ilang buwan sa Eagle Conservation Center. Isa sa pinakamalaking tagasuporta ng Center ang pamilya ng Imperial bukod pa sa pag-iisponsor nila ng malawakang pagtatanim muli ng mga puno sa nakakalbong kagubatan. Nakakaisanglibo nang punong naitatanim ang pamilyang Imperial. Sapat na upang

muling gawing tahanan ng agilang napisa at nagkabalahibo sa loob ng Center, at saka pinakawalan upang barilin lamang niya pagkatapos ng apat na buwan.

Nang imbitahan siya sa presinto, pinaupo siya sa harap ng mesa ni Chief, ang hepe ng kapulisan. Maraming tanod ang nakapaligid kay Chief kasama ng kapitan de barangay na nang-imbita sa kanya. Lahat gustong umusyuso dahil kakaibang imbitasyon ang ibinigay sa kanya. Sanay na sanay na sila sa mga away-mag-asawang nahuling nakikiapid ang isa't isa. Sanay na sila sa mga nakalagda sa blotter tungkol sa mga away-magkakapitbahay na naingayan sa lasingan at magdamagang kantahan sa videoke. Kakaibang away ngayon ang kanilang masasaksihan dahil away sa pagitan ng tao at hayop. Sino ang maghahain ng reklamo?, tanong ng mga tanod. Kung may hayop man dating kasangkot sa pagboblotter, mga kalabaw lamang na ninakaw pa ng mga taga-labas daw. Hinihintay nila ngayon kung sino ang maglalagda sa makapal na blotter ng pulis.

Mahinahon naman siyang nagpaunlak sa imbitasyon. May itatanong lang naman daw sa kanya sa presinto. Sinabihan na lamang niya ang asawa niya at anak na lalaki na magkita-kita na lamang sila doon. Sa harap ng mga taong nagtipon-tipon sa presinto, tinanong siya tungkol sa natunton ng mga taga-Center na GPS na nakabaon sa kanyang bakuran. Malabo sa kanya kung ano ang GPS. Kabilang na dumalo sa mga tao pati ang Ginang Ynez Imperial. Siya ang nagbilin sa mga tanod na huwag siyang ipoposas. Ayaw nilang palakihin ang kahihiyang kinahinatnan ng seremonyas ng pagpapakawala ng agila sa gubat na dinaluhan pa naman ng mayor at kongresman. Dala ng Ginang ang kanyang maliit na asong shizu na binihisan ng asul na sweater dahil baka raw lamigin. Mahamog pa ang umaga nang pumunta sila sa presinto. Lucky

ang pangalan ng shizu. Kilala ng lahat si Lucky na parang tao kung umiyak kung hanapin ang Ginang kapag hindi natagpuan sa tabi nito pagkagising sa umaga.

Kay Lucky siya nakatingin nang tanungin siya kung alam ba niya ang R.A. 9147. Nakatitig din sa kanya pabalik ang shizu na waring naghihintay ng sagot. Dahil imposibleng hindi niya alam. Nakapaskil sa halos lahat ng dingding ng presinto ang tungkol sa republic act. Gusto nilang malaman lahat kung nakakapagbasa ba siya. Gusto naman niyang malaman kung bakit dinamitan ang aso ngunit hindi naman sinuutan ng salawal. Alam niya ang tungkol sa republic act. Pinulong pa ang buong baryo nila tungkol dito. Ipinagbabawal ang pagpatay sa mga agila sa kagubatang pumapalibot sa kanilang baryo. Anim hanggang labindalawang taon ang kapalit na pagkakakulong.

Ngunit hindi agila ang kanyang napatay kundi higanteng manok lamang, ang pagtatanggol niya sa sarili. Wala namang natagpuang buto ng agila ang mga taga-Center sa kanyang bakuran. Walang buto, walang kuko, walang bungo. Iyong tinatawag lamang na GPS, na kung bakit sa bakuran niya nila natagpuang nakabaon. May republic act man o wala, tiyak niyang hindi agila ang nabaril niya. Dahil lasang manok ang nakain niya at ng mag-anak niya. Hindi sila magkakamali sa lasang manok kahit mas sanay sila sa lasa ng gulay at isdang tabang.

Lasang manok nga ba?, usisa ng mga tanod, pulis at kapitan de barangay. Nagtatanong naman sila lahat ngayon kung lasang manok nga gaya ng mga sabi-sabi gayong hindi pa sila nakakatikim ng agila sa buong buhay nila. Isang daang libo hanggang isang milyong piso ang halaga ng buhay ng isang agila kung nais nilang

matikman. Napakamahal naman, bulalas ng isang tanod. Naloko yata siya kung lasang manok din lang naman pala.

Kumahol si Lucky. Napatingin silang lahat sa shizu. Napahaplos naman ang Ginang Imperial sa buhok ng aso. Ganoon kung haplusin ng asawa niya ang buhok ng kanilang anak. Hindi niya akalaing ganoon katinis ang boses ng isang hayop na may ganoon kalambot na buhok. Hindi raw gusto ng alagang aso ng Ginang Imperial ang ganoong takbo ng usapan. Hindi dapat panglasa ang gawin nilang batayan ng pakikitungo sa mga hayop. Nagkatinginan ang mga tanod, mga pulis at mga taga-baryo na dumating na rin lahat kasabay ng kanyang asawa at anak.

Mabuti na lamang dumating noon din ang kanyang asawa at anak. Natagpuan nila siyang napaliligiran na parang pinagkakaisahan ng mga tao sa presinto. Ngunit lasang manok talaga ang kinain nila, patotoo ng asawa niya at anak pagkapasok na pagkapasok nila. Umaasa silang maililigtas siya ng kanilang patotoo nang makauwi na agad sila. Umabot nang tanghali ang akala nila'y imbitasyon lamang at pagtatanong. Mabuti na lamang at nagdala ng baong pagkain ang asawa niya at anak. Ni hindi siya makaihi nang hindi sinasamahan ng isang bantay.

May kinalaman ang mga Imperial sa katiyakan nilang pamilya sa lasa ng manok. Kasinglasa ng manok na inalagaan nila ang natatandaan niyang tanging ibong binaril niya sa gitna ng gubat. Limang sisiw iyong pinalaki nila mula sa bigay sa kanila ng mga Imperial. Ibinigay sa kanila ang mga sisiw upang paramihin sa bakuran nila. Nang hindi sila parating umaasa na lamang sa kagubatan para sa kanilang kabuhayan. Napadaan sila minsan sa bahay ng mga Imperial sa kanilang paglalako ng driftwood sa kabayanan. Bukod sa mga asong sabay-sabay na kumahol sa paglalako nila,

nangongolekta din ng mga orkidya ang mga Imperial. Doon niya unang nakita si Lucky. Tama nga ang mga sabi-sabi sa kanilang baryo. May kasambahay pang binabayaran ang Ginang Imperial upang may maging kalaro lamang ang aso. Akala niya noong una bolang kapok lamang na hinahangin sa gitna ng damuhan. Isang aso pala. Mabuti na lamang walang hika ang kasambahay na inupahan ng Ginang bilang tagapangalaga. Iyon ang naisip niya habang binibili ng Ginang ang kanilang driftwood. Pagkatapos silang pangaralan ng mga Imperial na huwag na huwag na silang magpuputol ng mga punong tagabas, binigyan silang mag-anak ng limang sisiw. Hindi raw manok ang ibinigay sa kanila kung hindi sisiw upang matuto silang paghirapan ang kanilang kakainin. Hindi iyong kuha na lamang nang kuha. Pinangaralan pa sila tungkol sa kaibahan ng pagbibigay ng isda at pamingwit sa mga nangangailangan ng hanapbuhay tulad nila.

“Putulan n’yo na lamang ng pakpak paglaki nang huwag maging layás,” bilin pa sa kanila ng Ginang Imperial bago sila umalis, sa gitna ng kahulan ng mga asong iba-iba ang hugis, laki, kulay at hitsura.

Tandang-tanda pa niya kung gaano kagaan ang mga sisiw na nasa loob ng binutasang bayong paakyat sa baryo nila sa gubat. Kung gaano kabigat ang pinasan nilang mga tagabas ganoon din naman kagaan ang mga sisiw. Kung gaano kagaspang ang tagabas ganoon din kalambot ang mga sisiw. Kung gaano kaitim ang puno ganoon din kabusilak ang hayop. Isang kabusilakang unti-unting napalitan ng magkakahalong pula, kayumanggi at itim ng labuyo, kahit gaano pa kaputi ang bigas na ipatuka nila dito.

Kinatay nila noon ang tatlong manok sa lima. Hindi na sila makapaghintay na makapangitlog na munang lahat ang mga manok bago matikman. Nagtira na lamang

sila ng isang inahin at isang tandang upang paramihin. Sakaling hanapan sila ng mga Imperial kapag mapadaan ulit sa kanilang baryo. Nadadaan ang mga Imperial pagkaminsan upang dagdagan pang muli ang bilang ng mga punong kanila nang naitanim sa gitna ng kagubatan. Nagiging panata na iyon ng mga Imperial tuwing may drayber na magrereklamong hinahaluan daw nila ng tubig ang gasolinang kanilang ibinebenta. Napapalakas tuloy ang buga ng maitim na usok ng kanilang mga ipinapasadang dyip pagdating sa LTO. Utang na loob niya sa mga Imperial kung paano niya nakilala ang lasa ng inalagaang manok. Hindi niya iyon basta-basta makakalimutan sa ibabaw ng lasa ng gulay at isdang tabang kung saan sila mas higit na sanay.

Ngunit baka lasang manok lamang dahil pinalaki din naman sa pagkakahuli ang pinag-uusapan nilang agila. Hindi talaga lumaki sa kagubatan, paalala ng isang tanod na may malaking pagkakautang sa mga Imperial. Kaya maaaring agila pa rin ang nabaril niya kahit lasang manok. Isang agila na kinalaunan na lamang pinakawalan pagkatapos palakihin sa pagkakahuli. Ngunit ano nga ba ang lasa ng pagkakakulong? Ang lasa ng ipa ng palay, na minamasa sa tubig at ginagawang patuka? Isang lasang simpamilyar ng amoy ng araw na kumakapit sa kanilang balat sa maghapong pagsasaka. Kaya hindi karne ng mailap na hayop tulad ng baboy-ramo o ng bayawak. Ngunit sino nga ba ang makakatukoy ng lasa ng karneng mailap gayong naabutan na silang lahat ng batas na ipinagbabawal ang pagkain nito? Sino ang makapagsasabi sa kanila kung ano ang lasa ng mailap na karne? Tumingin muli siya kay Lucky at nagtaka kung nakakakain man lamang ba ng butiki ang aso ng Ginang Imperial. Dahil kung gayo’y baka matulungan sila ng shizu na sagutin kung agila nga ba o manok ang kanyang nabaril.

Bago pa man makapagsalita si Lucky, sumabat sa usapan ang mga taga-Center. Lasang manok man o hindi, hindi raw ba niya nahalata ang GPS tracking device na nakakabit sa paa ng hayop. Doon na naman nila ibinabalik ang tanungan. May bakal na singsing daw na nakakabit sa kanang paa ng agila. Sa ganitong pamamaraan natunton sa kanilang bakuran ang paghihinala sa kanyang pinatay niya ang agila. Hindi ba siya nagtaka? Ibinaba na noon ng Ginang Imperial sa sahig ang shizu. Nababagot na ang aso. Paikot-ikot na ngayong naglalaro sa loob ng presinto. Dumating na rin pati ang esposo ng Ginang Imperial at ng kanilang anak na dalaga. Nandoon na rin pati ang hindi hikaing tagapag-alaga ni Lucky na abala na sa paghahabol sa shizu. Natatagalan na ang Ginang sa presinto. Ngunit wala talaga siyang alam tungkol sa GPS, sagot niya. Akala niya tari lamang ng nakawala niyang manok ang bakal na kumislap sa kakayuhan bago niya inasinta ang baril at kinalabit ang gatilyo.

Nag-alala ang mga taga-Center na baka mauwi sa wala ang natagpuan nilang ebidensiya sa bakuran niya. Paano naman magkakaroon ng tari ang napagkamalang manok sa gitna ng kagubatan?, tanong sa kanya. Isang manok na nakawala, paggigiit niya. Kumahol ulit si Lucky na parang sinasabayan ang bawat salitang uulitin niya. Nakawala ang tandang dahil hindi nila pinutulan ng pakpak gaya ng payo sa kanila ng mga Imperial. Isang manok na nilagyan niya ng tari. Sinasanay na niya sanang maging pantupada. Dahil nalahain naman na nito ang inahin. Kaya nang makita niya sa gitna ng kagubatan, binaril niya agad nang hindi na makatakas pa ulit at nang mapakinabangan naman niya. Hindi iyon tari, sabi sa kanya ng mga taga-Center, dahil may makinarya iyon upang matunton kung nasaan ang agilang pinagkabitan nila.

May ganoon ba?, tanong ng mga tanod sa paligid. May ikakabit lang at matutunton ka na! Kagaya ng mga aswang, bulungan ng mga taga-baryo. Natitiktikan ang mga sinasabi tungkol sa kanila gaano man kalihim ang gagawing pag-uusap. Marahil nga aswang, sang-ayon ng mga tanod sa mga kababaryo niya. Dahil hindi rin sila makapaniwala sa sabi-sabi ng mga taga-Center. Malamang inuuto lamang sila nang mapaamin na agad siya, maisara na ang kaso, at mahinto na ang matinis na pagkahol ni Lucky na malapit na nilang masipa. Kulong na agad siya nang anim na taon hanggang labindalawa, gayong wala naman siyang pambayad na isang milyong piso.

Higit na naniwala ang mga kababaryo niya na aswang nga ang nabaril niya. Tiyak nilang hindi manok o agila, dahil alam nila ang sinapit na kapalaran ng nakawala niyang tandang. Ipinagtanong man niya sa kanila kung nakita nila ang kanyang inalagaang tandang, wala silang maisagot sa kanya. Wala siyang nahanap na manok sa kalan at mga pinggan ng kanyang mga kapitbahay. Wala pati sa butas-butas na dingding nilang pawid. Wala pati sa bungi-bungi nilang bubong na nipa. Dahil ipinantapal na nila sa mga sikmura nila nang huwag mabutas sa gutom. Sinabi na lamang nila sa kanyang baka nakawala sa gubat ang hinahanap niyang tandang. Naniwala naman agad siya sa mga kababaryo dahil kasalanan din naman niya. Hindi niya kasi pinakinggan ang bilin ng mga Imperial, na putulan ng pakpak ang manok nang hindi maging layás.

Hindi nila nakuhang putulin ang pakpak ng mga manok dahil isipin pa lamang nila, natatawa na agad sila. Hindi nila lubos na mawari ang isang manok na humahapon sa taas ng puno nang putol ang pakpak. Paano aakyat ang pobreng manok? Gagayahin ba nito ang pusa? Kung hindi naman hahapon ang manok sa taas ng puno,

ibig sabihin sa baba na lamang hahapon na parang daga. Baka kainin lamang siya ng mga dagang magiging kasiping niya. Nakakatawa nga namang isipin ang manok na parang banóng hahapon nang hindi makahapon-hapon. Iniisip pa lang nila, hindi na nila maawat ang kanilang pagtawa. Hindi nila ginawa dahil natakot silang baka kapag pinutulan nila ng pakpak ang manok baka nga hindi na sila tumigil sa kakatawa. Baka hindi na sila makapagtrabaho. Isipin na lamang kung paano sila mangangaso nang tumatawa. Baka wala na silang mahuli, pati sa kanilang pangingisda sa lawa. Baka sa paggala nila sa gubat mainsulto pa sa kanila ang mga diwata at nuno sa punso, parusahan pa sila. Hindi na mamunga ang mga puno.

Nang mapabalita sa baryo nilang may nakitang lumilipad sa kagubatan na may pambihirang lawak ang pakpak, ang nakawalang tandang ang agad na naisip niya. Hindi siya natakot na baka aswang ang nakita niya sa gubat. Hindi katulad ng mga kababaryo niyang natakot agad dahil alam nilang hindi iyon ang tandang niyang nakawala. Kung aswang nga ang kanyang nabaril, posible nga namang matunton pabalik sa kanya, ayon sa patotoo ng mga taga-Center. Ganoon katalas ang pang-amoy at pakiramdam ng mga aswang. Nakabaon na sa lupa ang ebidensiya, natunton pa pabalik sa kanya. May sa aswang nga talaga, sang-ayon ng mga tanod at taga-baryo sa isa't isa. Marahil kasabwat ng hepe ng pulis na nakakaalam kung sino ang kanilang ibinoto kahit naging sikreto naman ang botohan.

Nang hindi ipinaaalam ang kanilang mga napagtagni-tagning ebidensiya sa kanilang isip, unti-unting nagsialisan ang mga taga-baryo sa takot na aswang nga talaga ang nabaril niya. Nagpasintabi na lamang sila nang paisa-isa. Gumagabi na, kailangan na nilang umuwi. May mga bata pang ipagluluto na naiwan sa bahay nang

mag-isa. May mga kalabaw pang isisilong. Sa isip nila, hindi nila matanggal ang takot na kinain niya ang hayop na nabaril niya. Kung hindi nga iyon hayop, dahil sila ang kumain ng hayop na napagkamalan niyang barilin, ibig sabihin, tao ang kinain niyang karne. Karne ng aswang. Karne ng tao na nagsa-aswang. Naawa sila sa asawa niya at anak. Binulungan nila ang mag-ina niya tungkol sa kanilang natuklasan sa takbo ng mga naging pagtatanong sa kanya. Natakot pati asawa niya at anak na lalaki. Bigla nilang binawi ang kanilang testimonya. Hindi raw pala sila tumikim sa karne ng nabaril niya. Kaya hindi nila matitiyak kung agila nga ba o manok ang nabaril niya. Nagulat ang mga Imperial at taga-Center sa pagbabago nila ng testimonya. Ngunit hindi na nila tinutulan dahil ibig sabihin mapapabilis ang paghatol sa kanya. Wala nang iba pang magpapatotoo sa kanyang mga kuwento-kuwento.

May takot sa mga mata ng asawa niya nang magpaalam sa kanya. Akala niya'y takot para sa kanya dahil mukha ngang makukulong siya. Ngunit ang totoo'y lihim na takot na isa na palang kanibal ang tingin nito sa kanya. Hindi raw siya puwedeng umuwi kasama ng mag-anak niya, sabi ng hepe. Doon na lamang daw siya matulog sa presinto. Kaya nauwi ang imbitasyon sa pagtatanong sa imbitasyon sa pagtulog. Nakahinga nang malalim ang kanyang asawa. Nakahinga din nang malalim pati ang mga kababaryo niya. Makakatulog sila nang mahimbing nang gabing iyon nang walang pangambang may puwedeng kumain sa kanila.

Nakahinga din nang malalim ang mga Imperial pati ang mga taga-Center. Kung agila man ang binaril niya, lasang manok man o hindi, dapat pa rin siyang makulong dahil may karapatan ang mga hayop, ayon sa kanila. Hindi man makapaglagda sa blotter ang mga hayop, sila ang magrereklamo para sa kanila. Nagulat ang mga tanod

sa mga binitawang salita ng mga Imperial. Nasagot na nila ang tanong na bumabagabag sa kanila. Hindi lang nila sukat akalaing hayop ang tingin ng mga Imperial sa mga sarili nila. Lasang manok man o hindi, inamin niyang may binaril siya, at may binawian ng buhay dahil sa kanya, paglilinaw ng esposo ng Ginang Imperial. Hayaan nilang ang Piskal ang magbigay ng hatol kinabukasan kung agila nga ba o manok ang binaril niya. Ngayo'y kailangan na nilang umuwi nang makapagpahinga na ang alaga nilang shizu. Nilingon pa siya ni Lucky na parang nagpapaalam sa pag-alis ng mga Imperial.

Sintigas at sintibay ng bakal na rehas sa kulungan ang mga tanong na kailangan niyang sagutin kinabukasan pagharap niya sa piskalya. Hindi niya maintindihan kung bakit hindi maunawaan ng mga Imperial ang parati din namang magiging sagot niya. Na tiyak niyang manok ang kanyang kinain at hindi agila. Iyon at iyon pa rin ang isasagot niya sa mga tanong ng Piskal kinabukasan. Pinaikot-ikot niya sa kanyang utak kung bakit hindi sila makapaniwala na alam niya kung ano ang lasa ng manok. Parang hindi niya sila naririnig; parang si Lucky lamang ang nakakarinig sa kanya. Dahil tuwing magsasalita siya, kumakahol din naman agad ang shizu. Bawat salita niya'y tinutumbasan ng kahol ng shizu. Naisip niya tuloy na baka nga naiintindihan siya ng aso. Ngunit imposible namang nauunawan siya ng aso, at hindi ng tao.

Nang siya na lamang ang natira sa loob ng kulungan, saka niya napakinggan ang sarili niya. Hindi mga salita ang lumalabas sa kanyang mga bibig, kung hindi mga pagsiyap pala. Kaya pala kumakahol parati ang shizu tuwing magsasalita siya. Imposible ngang nauunawan ng aso ang sinasabi niya. Akala siguro ng aso'y ibon siyang dapat paglaruan at kainin. Dahil gayon ang inaasahan niyang gagawin ng shizu

kapag nakakita ng butiki sa kisame. Bumalik nga lamang sa kanya muli ang parehong palaisipang kanina pa gumugulo sa kanya. Hindi niya pa rin alam kung sumisiyap ba siya ngayon bilang manok o agila, na sinundan ng isa pang palaisipang una nang hinarap ng mga kababaryo niya. Hindi lang naman ibon ang sumisiyap, kundi pati mga aswang. Saka niya naunawaan kung ano ang takot na nakita niya sa mata ng asawa niya. Noon nabuksan ang mga mata niya. Natakot siya pati sa sarili niya. Baka maging aswang siya anumang oras ngayon dahil karne pala ng aswang ang nakain niya. Marahil iyon ang simula ng kanyang pagbabago: ang pagkawala ng kanyang tinig, sa kanyang pagsiyap. Kailangan niyang makatiyak.

Una niyang tinunton kung saan nagmumula sa katawan niya ang kanyang pagsiyap. Sa kanya bang lalamunan o sa kanyang tiyan? Sa loob ng tiyan nanggagaling kung sumiyap ang sisiw ng mga aswang. Doon napipisa ang sisiw pagkatapos liliman ng gustong maging aswang ang itlog ng manok na itim, na nahuhuli lamang sa gitna ng gubat. Sinubukan niya muling sumiyap. Ngunit hindi siya makatiyak kung sa lalamunan ba galing ang tunog gayong gumuguhit hanggang sa kanyang pinaka-tiyan.

May naisip pa siyang isang sagot sa palaisipan. Kung aswang nga siya, hindi dapat siya nahuli nang basta-basta. Nahirapan dapat silang hulihin siya. Dapat sinabuyan na muna siya ng sandakot na benditadong butil ng bigas pagkatapos siyang mahuli na nakaabang sa silong ng kabahayan. Mga butil ng bigas na pagkakaabalahan niyang pulutin nang isa-isa hanggang sa abutan siya ng araw at mawalan ng kapangyarihan. Kung itatabi doo’y napakadali lamang niyang nahuli. Inimbitahan lamang at sumama na agad siya. Baka ibon nga talaga siya. Imposibleng nanggagaling

sa kanyang tiyan ang mga pagsiyap niya. Naging ibon malamang siya sa pagkain ng nakawalang tandang sa gitna ng kagubatan, dahil lamang nakalimutan niyang putulan ng pakpak ang iniregalo sa kanilang sisiw ng mga Imperial. Bumalik siya sa dati niyang pag-aakalang ibon siya dahil walang kababaryong umamin sa kanya ng kanilang pagkain sa kanyang nakawalang tandang. Nakahinga siya ngayon nang maluwag pagkatapos nang panandaliang pagkataranta.

Naramdaman na lamang niyang biglang sumikip sa loob ng kulungan. Humaba ang kanyang mga bisig. Humaba ang kanyang mga daliri sa kamay at paa. Nagkakaliskis ang kanyang mga braso at binti. Humaba ang kanyang mga kuko at tumulis. Kumapal ang kanyang balat na parang katad. Umurong ang kanyang ari sa loob ng kanyang katawan. Umurong pati ilong niya sa bungo ng kanyang mukha. Dalawang makipot na butas na lamang ang naiwan. Nalagas ang kanyang mga ngipin na parang mga butil ng bigas na kumalat sa sahig ng kulungan. Naging patulis ang kanyang nguso at tumigas ang kanyang labi sa isang tuka. Nalagas pati ang kanyang mga buhok saka lumabas ang kanyang mga pakpak. Sumikip ang kulungan para sa kanyang naging isang higanteng ibon sa loob ng presinto. Nangalay ang kanyang mga balikat at braso. Hindi niya alam kung ititiklop niya ang kanyang pakpak dahil sumasayad sa sahig ang kanyang pakpak. Kung ilaladlad naman niya ang kanyang pakpak, tatama ang bukong-bukong niya sa ilaw. Baka makuryente lamang siya.

Hindi pa niya napagpapasyahan ang gagawin sa kanyang pakpak nang maramdaman niya ang pagdating ng mga aso. Naramdaman niya lamang sila dahil tahimik ang kanilang yabag sa labas ng kanyang kulungan. Kahit ibon, nagulat pa rin siya sa kanyang nakita. Isang askal na naglalakad na parang tao sa dalawa nitong mga

paa. Wala mang sapin sa paa, nakasuot ang aso ng camisa chino at may gamit na tungkod. Nakasuot din ng antipara. Kasama nito si Lucky, ang shizu, at isa pang asong mas maliit pa sa aso ng mga Imperial.

Lalo siyang nagulat nang magsalita ang askal. Nagpakilala sa kanya. Dante daw ang pangalan niya, at Pomeranian naman ang ikatlo nilang kasama. Nagpakilala sa kanya ang aso bago pa man niya matanong. Bakit siya nakasuot ng camisa ngunit hindi ng salawal? Nakakapaglakad nga silang parang tao at nakakapagsalita ngunit hindi pa rin nakakapagsuot ng salawal. Dahil nagpakilala na sa kanya ang aso, nahiya na siyang magtanong kung saan ba sa damit nagtatapos ang kanyang karapatan bilang hayop. Nahiya na siyang baka mainsulto niya ang aso. Kung sa bagay, sino nga ba naman siya upang magreklamo sa damit ng mga aso? Siya itong ibon na nasa loob ng kulungan. Wala siyang karapatang magreklamo na walang salawal ang kumakausap sa kanyang aso.

“Alam mo kung ano ang problema mo?,” tanong sa kanya ni Dante.

Isasagot sana niya ang pangangalay ng kanyang mga pakpak. Ngunit dahil bago sa kanya ang karanasan ng isang may pakpak, hindi agad niya nabigyan ng mga salitang maiintindihan ng mga aso. Natagalan siya bago makasagot.

“Hindi ka marunong manamit.”

“Hindi mo ba napapansing hubo’t hubad ka?,” dugtong ni Lucky. “Nakakahiya ka para sa isang hayop.”

Napatingin tuloy siya sa baba. Inaasahan niyang makita ang ari niya, na handa na sana niyang takpan ng mga pakpak niya. Ngunit puro lamang mga balahibo ang nandoon. Nang tao pa siya, hindi niya kailanman tiningnan ang mga hayop bilang mga

nakabuhad. At ngayon, hayop ang nagsasabi sa kanya, na isa ring hayop, na hubo't hubad pala siya. Nagbulungan ang tatlong aso pagkatapos. Yumukod ang askal nang may maibulong sa tenga ng shizu na ibinulong naman nito sa tenga ng pomeranian.

Nahuli niya ang huling sinabi ng pomeranian, na Pompom ang pangalan: "Isa nga siyang hayop. Hindi lang niya alam."

"Kaya siguro hindi ka nakilalang hayop ng mga tao," patuloy ni Dante.

"Dahil wala kang damit," pagtatapos ni Lucky.

"Ano ang gagawin ko?," bantulot niyang tanong sa tatlong asong nakakapaglakad na parang tao. Si Dante, ang nahalata niyang pinakapinuno, ang nagsalita para sa tatlo.

"Huwag ka sanang magagalit sa amo namin. Mabait siyang tao. Siya ang nagbukas ng isipan namin sa aming mga karapatan bilang hayop --"

"-- sa *ating* karapatan bilang hayop," paglilinaw ni Pompom sabay tingin nang makabuluhan sa dalawa pa nitong kasamahan. Nagpapaalala sa kanilang maawa sa kanyang kalagayan sa loob ng kulungan.

"Kasama ka sa mga ipinaglalaban ng aming amo. Kasama ka sa mga ipinaghubad ng kanyang anak na dalaga sa harap ng lahat ng kapwa niya tao upang madamitan lang tayo. Kung alam lang niya na isa kang hayop, tinulungan ka sana niya."

"Kung may damit ka lang sana," pag-uulit ni Lucky.

"Inilagay mo tuloy sa panganib ang amo namin. Baka makitaan ng butas ang mga ipinaglalaban niya. Kung tao ba o hayop ang ipinakulong niya. Baka sabihin, siya mismo ang lumalabag sa mga karapatang panghayop na siya din ang mismong nagpanukala. Malaki ang utang na loob namin sa kanya."

“Kailangan mong tumakas dito dahil baka siya ang mapahamak bukas pagharap sa Piskal.” Hindi na napigil ng pomeranian ang pagtitimpi nito.

Siya nama’y hindi makapaniwalang mga hayop pa ang tutulong sa kanyang makatakas. Kung sa bagay, dapat hindi na siya magulat dahil hayop na din naman siya. Sa kapal ng balahibo ni Lucky, nagawa pala nitong magtago ng isang susi doon nang walang nakakahalata. Pinaghintay na muna siya ng mga aso sa loob ng kulungan. Nauna ang askal kina Lucky at Pompom. Hindi sila dapat makita sa kulungan dahil tumakas lamang sila sa kanilang mga amo. Magugulat ang mga iyon kapag nahuli silang wala sa loob ng bahay. Narinig na lamang niyang kumakahol si Dante sa labas ng presinto. Kinakahulan nito ang isang puno. Hindi nito tinigilan ang pagkahol hanggang magising ang mga pulis na bantay sa presinto. Lumabas ang mga pulis upang tingnan ang kinakahulan ng askal sa may puno. Baka nga may kapre doon na nakikita ng mga aso.

Iyon ang hudyat upang gumalaw na siya. Nauna sa kanyang lumabas sina Lucky at Pompom upang tiyaking wala na ngang natirang bantay sa presinto. Saka lamang siya sumunod. Pagdating niya sa pinto ng presinto, sumama na din sina Lucky at Pompom sa pagkahol sa taas ng puno. Nagulat ang mga pulis sa pagkahulan ng mga aso sa paligid. Saka siya pumuslit palabas ng pinto ng presinto, iniladlad ang mga pakpak at pumaimbulog sa kalangitang iniilawan lamang ng buwan. Pagaspas na lamang ng pakpak ang narinig ng mga bantay na pulis. Lalo silang nahintakutan nang hindi nila siya natagpuan sa loob ng kulungan. Baka nga tama ang bulong sa kanila ng mga taga-baryo.Bago nagsiuwian, ibinulong sa kanila ng mga taga-baryo na aswang ang kanilang ikinulong. Napagkabit-kabit naman ngayon ng mga pulis pati ang biglaang

pagbabago ng testimonya ng asawa niya at anak, pati ang pagkahol ng mga aso sa taas ng puno. Saka nila napagkasunduang hindi nga manok o agila ang nabaril ng preso nila, kung hindi aswang. Karne ng aswang ang kanyang nakain at bilang parusa sa kanya, naging aswang na rin siya. Hindi na nila siya hinabol dahil sapat nang parusa iyon para sa kanya.

Kaya kung kailan niya natiyak na isa na nga siyang ibon, saka namang pagkatiyak ng mga awtoridad na isa nga siyang aswang. Sa bawat pagaspas ng kanyang pakpak, lalong nabuo ang pasya niya sa sariling hindi niya matatanggap na mapagkamalan siyang aswang. Matatanggap na niya ang pagiging hayop, ngunit hindi ang pagiging aswang. Hindi siya isang kanibal. Hindi siya kumakain ng karne ng kapwa niya tao, maging aswang man ito. Unti-unting nabuo ang sama ng loob niya sa kanyang asawa. Ipinagtakwil siya nito. Dinamay pa pati ang kanilang anak. Lumipad siya nang lumipad. Nagpakalayo-layo sa kanyang baryo, ang baryo kung saan ipinanganak siyang tao at isang aswang na lumisan. Kailangan niyang makaalis doon, makalayas, makatakas. Lumipad siya lampas sa kagubatang pumapaligid sa kanyang kakapitbahayan. Hanggang makatagpo muli siya ng isang mapagdadapuang lugar.

Ilang bundok at lawa rin ang kanyang tinawid bago niya narating ang lugar ng mga ilaw. Mula sa taas, hindi aspaltong daan ang nakikita niyang umuugnay sa mga bahay at gusali, kundi mga ilaw. Marami siyang taong nakitang naglalakad sa kalsada. Marami ring mga hayop kung saan siya puwedeng makihalo at mawala. Gusto niyang makapagsimula muli. Kahit magsimula bilang hayop, basta makapagsimulang muli. Agad-agad siyang naghanap ng damit upang maisuot katulad ng naging payo sa kanya ng mga aso. Ano kayang damit ang aakma sa kanya? Isa kayang pantalon? Isang

sweater? Isang camisa? Dumaan siya sa mga pinagtitipunan ng mga hayop upang makapaghanap ng maisusuot. Dumaan siya sa spa ng mga hayop, kung saan ang mga tao ang nagpapaligo sa kanila, gamit ang anumang matitipuhang shampoo. Sa gitna ng pagpapagupit ng buhok ng mga aso at pagbo-blow dry sa kanila, napagpasyahan niyang hindi sa kanya aakma ang damit na camisa o pantalon. Mahihirapan lamang siyang lumipad kapag nakadamit camisa siya o pantalon. Hindi siya aso, kung hindi ibon. Kailangan niyang magtatag ng sarili niyang identidad bilang hayop. Hindi naman yata kinakailangang damit talaga ang isuot niya. Sapat na siguro ang anumang palamuti na maaari niyang ikabit sa kanyang katawan upang mapatunayang hayop nga siya at hindi aswang. Maaaring magsimula siya sa isang antipara gaya ng gamit ng askal. O kaya sa isang buntal na sumbrero na maaari niyang isuot sa kanyang ulo. Hindi iyon makakasagabal sa paglipad niya. Nang mapadaan siya sa hilera ng mga salamin sa ospital ng mga hayop, napagpasyahan niyang hindi rin para sa kanya ang isang antipara sa ibabaw ng kanyang tuka. Hindi naman malabo ang kanyang mga mata. Buntal na sumbrero na nga ang para sa kanya. Nagmumukha siya ditong kagalang-galang.

Nang pumunta nga lang siya sa bilihan ng mga damit ng hayop upang pumili na ng sumbrero, hinarang siya sa may pintuan dahil wala daw siyang damit. Isang tao ang humarang sa kanya. Noong una inakala niyang baka dahil akala ng tao’y wala siyang pambiling pera. Ngunit pagbalik niya pagkatapos mamalimos sa labas ng simbahan at tabi ng kalsada, hindi pa rin siya pinapasok. Nanatili na muna siya sa labas ng tindahan upang magmasid kung bakit nga ba siya hindi pinapapasok. Napansin niyang hindi mga hayop ang bumibili ng mga damit nila kundi mga tao. Naninibago pa nga siya sa batas

ng mga hayop. Kailangan niya ng damit upang makapasok sa bilihan ng damit? Kaya nga niya gustong makapasok sa bilihan ng damit upang magkadamit! Nang binubuno ang misteryo ng pinagmulan ng unang damit ng mga hayop, pumunta siya sa parke kung saan maraming hayop ang ipinapasyal ng kanilang mga tao. Sa gitna ng jogging ng dalawang huskies, pinayuhan siyang kailangan niyang maghanap ng amo na siyang magbibigay sa kanya ng una niyang damit. Hindi pera ang kailangan niya kung hindi amo. Hindi pera ang kailangan ng hayop kundi tao. Tao lamang ang nangangailangan ng pera. Tao ang pera ng mga hayop upang magkadamit sila. Ngunit paano siya makakahanap ng sarili niyang tao?, tanong niya sa mga aso. Isang matandang dalmatian ang nakasagot sa kanya. Kailangan niya munang magpahuli sa mga tao at magpakulong sa animal pound, lalo na kung wala siyang papeles. Kailangan lamang niyang tumambay sa tabi ng kalsada at hintayin ang pag-impound sa kanya.

Nataranta siya nang una niyang marinig ang payo ng matandang aso. Ayaw niya muling maranasan ang makulong. Lalo pa't kakalaya pa lamang niya sa dati niyang buhay kung saan napagkamalan siyang isang aswang. Nag-iisip pa rin kasi siyang parang tao, pansin sa kanya ng dalmatian. Kailangan niyang tanggapin nang buong-buo ang kanyang pagiging hayop. Noong una, ayaw na muna niyang maniwala sa mga asong napagtanungan niya sa parke. Nasasabi lamang nila iyon dahil ipinapasyal na sila ng kanilang mga tao, katwiran niya. Ngunit nang pumunta naman siya sa kalsada, ganoon din ang naging payo sa kanya ng mga galang hayop. Tao nga ang pera sa pagitan ng mga hayop.

Kasabay niya sa kulungan ang napakaraming askal at pusakal nang hulihin siya at dalhin sa animal pound. Lahat sila umaasang may taong aampon sa kanila. Binisita

sila sa kulungan ng mga beterenaryo. Doon niya muli naramdaman kung paano ang kumain sa ibabaw ng pinggan. Doon niya muli naramdaman ang hiya upang huwag dumumi sa kung saan-saan lang. Doon niya nabawi ang kakayahan ng kanyang ilong na pag-ibahin ang amoy ng baho at bango. Doon niya muli naramdaman kung paano maligo nang hindi sa tubig ulan. Sa bawat pagbuhos ng tubig sa kanyang katawan, naaagnas ang kanyang mga kaliskis na parang katad. Hindi niya namalayang nalalagas pati ang balahibo niya't pakpak sa katawan na para bang binabanlian siya ng mainit na tubig. Lumambo't nang muli ang kanyang tuka at umurong ang kanyang mga kuko. Muli siyang nagkalabi at nagkadaliri. Hanggang sa bigla na lamang magulat sa kanya ang mga beterenaryo. Hindi makapaniwala ang mga nakahuli sa kanya. May naligaw na tao sa kanilang hawla! Nakakahiya para sa kanilang hindi matukoy kung ano ang kaibahan ng hayop at tao!

Kung kaya't kung kailan nakapagpasya na siyang maging ibon, saka naman siya nakilala bilang tao, doon sa lugar na tinakasan sana niya upang huwag lamang makilala bilang aswang. Binigyan nga siya ng damit ngunit damit naman na ng tao at hindi na ng ibon. Pagkatapos bihisan, ipinasa siya sa DSWD ng bayang dinatnan niya bilang ibon at mukhang lilisanin niya bilang tao sakali mang magpasya uli siyang lumayas. Muli siyang pinaupo sa harap ng isang mesa sa loob ng opisina ng pinakapinuno. Hindi naman siya tumutol at naghintay na lamang na may muli na namang magtanong sa kanya tungkol sa kaibahan ng lasa ng manok at ng agila.

Una niyang nakita ang shizu. Akala niya si Lucky. Ngunit iba ang taong bumubuntot sa kanya. Akala niya nagpalit lamang ng inuupahang tagapag-alaga si Ginang Imperial. Baka nagkaroon na ng hika, isip pa niya. Ngunit iba ang Ginang na

lumabas at sumunod sa tagapangalaga ng shizu na bumati sa kanya. Mrs Miranda ang pakilala nito sa kanya. Huwag daw siyang mag-alala. Kukupkupin siya ng Misis hanggang makabangon siyang muli. Tuturuan daw siya ng Misis na magkaroon ng hanapbuhay nang makatayo siya sa sarili niyang paa. Dinala siya ng Mrs Miranda sa kanyang malawak na haciendang natatamnan ng napakaraming puno. Akala niya kung ano ang ibibigay sa kanya ng Misis. Mga sisiw pala. Limang sisiw ng manok. Maaari raw niyang paramihin ang mga manok nang hindi lang siya parating umaasa sa iba. Saka siya binilinan na huwag na huwag lang niyang kakalimutang putulan ng pakpak ang mga manok nang huwag makawala at maging layás paglaki nila.

* * *